


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 11: Pagsulat ng Maliit at Malaking Letra sa Paraang Kabit-kabit



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 11: Pagsulat ng Maliit at Malaking Letra sa Paraang Kabit-kabit
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Marylyn Francisco

Editor: Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

Tagasuri: Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor

Tagaguhit: Mary Grace Del Mundo

Tagalapat: Cristina T. Fangon

Tagapamahala: Nicolas T. Capulong

Librada M. Rubio

Ma. Editha R. Caparas

Nestor P. Nuesca

Merlinda T. Tablan

Ellen C. Macaraeg

Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagarawan ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 11:
Pagsulat ng Maliit at Malaking
Letra sa Paraang Kabit-kabit

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasusulat ng maliit at malaking letra sa paraang kabit-kabit.

MT2PWR-Ia- i-3.3



Subukin

Panuto: Basahin ang mga parirala. Isulat ito sa paraang kabit-kabit sa iyong sagutang papel.

1. batang si Ramon

2. espesyal na ensaymada

3. bertdey kard

4. kantina ng paaralan

5. maligayang kaarawan


Pagsulat ng Maliit at Malaking Letra sa Paraang Kabit-Kabit




Balikan

Panuto: Isagawa ang mga sumusunod na gawain sa iyong sulatang papel. Sundan ang modelo sa bawat bilang.


1. Isulat ang pahilis-pataas na linya.




2. Isulat ang pataas-paikot na linya.



3. Isulat ang pababang paikot na linya.



4. Isulat ang pahilis-pababa na linya.



5. Isulat ang mga letrang may pailalim na kurba.



Mga Tala para sa Guro


Gabayang ang mag-aaral sa paggawa ng pataas-pababa, tuwid, pahilis at pakurbang guhit sa pagsulat ng mga letra nang kabit-kabit.



Tuklasin

Isang mahalagang kasanayan na dapat matutunan ng isang mag-aaral ay ang tamang pagsusulat ng maliit at malaking letra sa paraang kabit-kabit.

Ang mga sumusunod ay modelo ng pagsulat ng Alpabetong Filipino sa paraang kabit-kabit.





Suriin

Isa sa mga pinakapaboritong okasyon ng mga bata ay ang kaarawan o bertdey. Nasasabik silang makatanggap ng imbitasyon mula sa may kaarawan. Ang may kaarawan naman ay nasasabik sa mga handa, panauhin at sa regalong matatanggap.

Basahin at unawain ang kwentong ito.

Ang Regalo ni Ramon

Marylyn Francisco

Nasasabik na ang batang si Ramon. Kaarawan kasi ng kanyang Ate Elaiza. Maghahanda siya ng kanyang regalo. Gusto niyang bigyan ng espesyal na ensaymada at bertdey kard ang kanyang ate. Mula sa naipong baon, ibibili niya ng espesyal na ensaymada sa kantina ng paaralan ang kanyang ate mamaya bago siya umuwi. Gagawin naman niya ang bertdey kard sa kanyang bakanteng oras.

Hawak na ni Ramon ang ensaymada at ang ginawa niyang bertdey kard. Bago lumabas ng paaralan ay binasa niya ulit ang nakasulat sa kard.



Mahal kong Ate Elaiza,

*Maligayang kaarawan.
Sana ay maging masaya
ka sa inyong espesyal na
araw.*

*Nagmamahal,
Ramon*

“Tiyak na matutuwa si Ate Elaiza,” bulong ni Ramon sa sarili. Pag-uwi sa bahay hinanap agad ni Ramon ang kanyang Ate Elaiza. Wala dito pati ang kanyang nanay. Nasa **gym** daw sila sa kabilang barangay sabi ng kanilang kasambahay. Naalala niya na sa gym nga pala pansamantalang nakatira ang mga nasunugan sa barangay na iyon.

Nagpahatid siya doon upang maibigay ang kanyang regalo. Pagdating sa gym, napakainit dahil nagsisiksikan ang mga tao. Marami ring mga bata. Nakita niya ang kanyang Ate Elaiza abala sa pamimigay ng damit at supot ng **relief goods**.

Bago pa man siya makalapit, nagtakbuhan sa kanya ang maraming bata. Nakatingin sa kanyang hawak na ensaymada. Nakita niya sa mata ng mga bata na gustong-gusto nila ang hawak niya. Iniisip niya kung ibibigay na lamang sa mga bata ang ensaymada o sa kaniyang ate na may kaarawan.

Maya-maya pa, lumapit siya sa kanyang Ate Elaiza. Binati niya ito at iniabot ang kard. Nagpasalamat ang kapatid. Natuwa ito ngunit mas natuwa si Ramon nang lumingon siya sa mga batang pinagsasaluhan ang kanyang regalo.

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa paraang kabit-kabit batay sa nabasang kuwento. Isulat sa sagutang papel.


1. Bakit nasasabik si Ramon?

2. Ano ang regalong inihanda ni Ramon para sa kapatid?

3. Paano niya pinaghandaan ang regalo?

4. Bakit hindi niya inabutan ang kanyang kapatid at nanay sa kanilang bahay?


5. Paano isinulat ni Ramon ang mensahe sa bertdey kard ng kanyang ate?





Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Kilalanin ang bawat larawan na binanggit sa kuwento. Isulat ang sagot sa patlang sa paraang kabit-kabit.





















Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang malaking letra sa loob ng  sa paraang kabit-kabit.



Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Isulat ang maliit na letra sa loob ng kahon sa paraang kabit-kabit.



Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Isulat sa patlang ang nawawalang letra sa paraang kabit-kabit.

1. r ___ t

4. J ___ L

2. E ___ G

5. x ___ z

3. N G ___ P

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang mga salita sa paraang kabit-kabit.

1. Pilipinas

2. kaakit-akit

3. Filipino

4. lumipat

5. baitang


Malayang Pagtatasa 1


Panuto: Piliin sa Hanay B ang anyong kabit-kabit ng mga salita sa Hanay A.


Hanay A		Hanay B
kulot	•	• <i>salamat</i>
lumapit	•	• <i>kulot</i>
salamat	•	• <i>ilalim</i>
ilalim	•	• <i>kaibigan</i>
kaibigan	•	• <i>lumapit</i>

Malayang Pagsasanay 2


Panuto: Tingnan ang mga larawan. Isulat ang angkop na ngalan nito sa sagutang papel sa paraang kabit-kabit.











Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Isulat ang mga pangungusap sa paraang kabit-kabit.

1. Ako ay magalang.

2. Iniidolo ko ang aking guro.

3. Malinis ang aming paaralan.

4. Ang mga doktor ay magigiting.

5. Ang edukasyon ay kayamanan.



Isaisip

Ang pagsulat ng maliit at malaking letra ng ating alpabeto sa paraang kabit-kabit ay may tamang istilo o istrok na dapat sundin.

May mga letra na ginagamitan ng pahilis-pataas na istrok.

Mga Halimbawa: *x* *l* *i*

May mga letra na ginagamitan ng pakurba-pataas na istrok.

Mga Halimbawa: *a* *o* *e*

May mga letra na ginagamitan ng pakurba-pababang istrok.

Mga Halimbawa: *n* *m* *h*



Isagawa

Panuto: Isulat muli nang paulit-ulit ang mga letra at salita sa paraang kabit-kabit.

A
a
ahas
B
b
baso
C
c
Cory
D
d
daga



Tayahin

Panuto: Kumuha ng papel at isulat sa paraang kabit-kabit ang mga salitang nasa ibaba.

Mga Magagandang Tanawin sa Pilipinas

Bulkang Mayon	-	<i>Bulkang Mayon</i>
Lawa ng Taal	-	
Talon ng Pagsanjan	-	
Bundok Apo	-	
Chocolate Hills	-	



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat nang paulit-ulit sa paraang kabit-kabit ang mga letra sa iyong papel.

a

b

c

d

e

u



Susi sa Pagwawasto

Pagyamanin			
<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> batang si Ramon espesyal na esaymada berday card kantina ng paaralan mailigayang kaarawan 	<p>Surin</p> <ol style="list-style-type: none"> kaarawan ng kanyang Ate Elaiza espesyal na esaymada at kard hindi nya ginastos ang baon nya at ginawa ang kard sa kanyang libreng oras dahil nasa gym ng kabilang barangay po sila at tumutulong sa mga nasunugan isinulat niya ito sa paraang kabit-kabit 	<p>Balikin</p> <p>Surin ang isinulat ng mga bata ayon sa ibinigay na modelong kaniyang gagayahin.</p>	<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> batang si Ramon espesyal na esaymada berday card kantina ng paaralan mailigayang kaarawan
<p>Pinatnubayang Pagtasang 1</p> <ol style="list-style-type: none"> A M D I G 	<p>Pinatnubayang Pagtasang 2</p> <ol style="list-style-type: none"> h n k p t 	<p>Pinatnubayang Pagtasang 1</p> <ol style="list-style-type: none"> A M D I G 	<p>Pinatnubayang Pagtasang 1</p> <ol style="list-style-type: none"> ensaymada gym kantina kard regalo
<p>Malayang Pagtasang 2</p> <ol style="list-style-type: none"> Ako ay magalang. Inidolo ko ang aking guro. Malinis an gaming paaralan. Ang mga doktor ay magiting. Ang edukasyon ay kayamanan. 	<p>Malayang Pagtasang 2</p> <ol style="list-style-type: none"> laso mesa watawat ulap aklat o libro 	<p>Malayang Pagtasang 1</p>	<p>Malayang Pagtasang 2</p> <ol style="list-style-type: none"> palipinas kaakit-akit filipino lumipat batang
<p>Karagdagang Gawain</p> <p>a a a a a a b b b b b b c c c c c c d d d d d d e e e e e e f f f f f f g g g g g g h h h h h h i i i i i i j j j j j j k k k k k k l l l l l l m m m m m m n n n n n n o o o o o o p p p p p p q q q q q q r r r r r r s s s s s s t t t t t t u u u u u u v v v v v v w w w w w w x x x x x x y y y y y y z z z z z z</p>	<p>Tayahin</p> <p>Lawa ng Taal Talon ng Pagsanjan Bundok Apo Chocolate Hills</p>	<p>Isagawa</p> <p>A A A A A A a a a a a a B B B B B B b b b b b b C C C C C C c c c c c c D D D D D D d d d d d d E E E E E E e e e e e e F F F F F F f f f f f f G G G G G G g g g g g g H H H H H H h h h h h h I I I I I I i i i i i i J J J J J J j j j j j j K K K K K K k k k k k k L L L L L L l l l l l l M M M M M M m m m m m m N N N N N N n n n n n n O O O O O O o o o o o o P P P P P P p p p p p p Q Q Q Q Q Q q q q q q q R R R R R R r r r r r r S S S S S S s s s s s s T T T T T T t t t t t t U U U U U U u u u u u u V V V V V V v v v v v v W W W W W W w w w w w w X X X X X X x x x x x x Y Y Y Y Y Y y y y y y y Z Z Z Z Z Z z z z z z z</p>	<p>Isagawa</p> <p>A A A A A A a a a a a a B B B B B B b b b b b b C C C C C C c c c c c c D D D D D D d d d d d d E E E E E E e e e e e e F F F F F F f f f f f f G G G G G G g g g g g g H H H H H H h h h h h h I I I I I I i i i i i i J J J J J J j j j j j j K K K K K K k k k k k k L L L L L L l l l l l l M M M M M M m m m m m m N N N N N N n n n n n n O O O O O O o o o o o o P P P P P P p p p p p p Q Q Q Q Q Q q q q q q q R R R R R R r r r r r r S S S S S S s s s s s s T T T T T T t t t t t t U U U U U U u u u u u u V V V V V V v v v v v v W W W W W W w w w w w w X X X X X X x x x x x x Y Y Y Y Y Y y y y y y y Z Z Z Z Z Z z z z z z z</p>

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph *